# {O Sugo ni Allāh, tunay na ang ina ni Sa`d ay namatay. Kaya alin pong kawanggawa ang pinakamainam? Nagsabi siya: "Ang tubig." Nagsabi ito: "Kaya humukay siya ng isang balon at nagsabi: 'Ito ay para sa ina ni Sa`d."}

Ayon kay Sa`d bin `Ubādah (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {O Sugo ni Allāh, tunay na ang ina ni Sa`d ay namatay. Kaya alin pong kawanggawa ang pinakamainam? Nagsabi siya: "Ang tubig." Nagsabi ito: "Kaya humukay siya ng isang balon at nagsabi: 'Ito ay para sa ina ni Sa`d."}

[Maganda dahil sa kabuuan ng mga daan nito] [Nagsalaysay nito sina Imām Abū Dāwud, Imām An-Nasā'īy, at Imām Ibnu Mājah]

Pinapanaw ang ina ni Sa`d bin `Ubādah (malugod si Allāh sa kanya) kaya nagtanong ito sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) tungkol sa pinakamainam sa mga uri ng kawanggawa upang magkawanggawa ito niyon para sa ina nito. Kaya nagpabatid dito ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang pinakamainam na kawanggawa ay ang tubig. Naghukay siya ng isang balon. Ginawa niya ito bilang kawanggawa para sa ina niya.



النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY
لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC E-Da'wah Committee